**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 1, 83-92




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Pananaw sa epekto ng kalidad ng silid-aralan sa mga mag-aaral ng kolehiyo ng Cataingan

LihayLihay, Ronelyn ✉
*Cataingan Municipal College, Philippines (ronelynlihaylihay@gmail.com)*
Muñoz, Jhon Lloyd
Malaque, Raymart
Canales, Marlene
Cabatingan, Julie Ann
Bentor, Anabel
Pelayo, Realyn
Ancajas, Rustom
Dungog, Tomas, III
Ching, Richard
Bullo, Marnel
*Cataingan National High School, Philippines (Marnel.bullo@deped.gov.ph)*

**Received**: 2 February 2024 **Revised**: 23 February 2024 **Accepted**: 2 March 2024
**Available Online**: 2 March 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24007

## *Abstract*

This research aimed to understand the impact of classroom quality on educational experience of students in Cataingan Municipal College. The design used to gather data was qualitative, twenty (20) student participants were purposively selected. The study revealed the challenges they faced such as lack of seats, blackboards, damaged walls, leak roofs have significant impact on the focus and concentration. This poorly maintained classrooms results discomfort or loss of focus and inadequate performance in class activities that hinder effective learning. The lack equipment and facilities were also found to be one of the challenges met by students. Finding also revealed that students actively find ways to address classroom quality through financial contribution and self-discipline. With this, it was recommended to have discipline in the usage of classroom and facilities, the school administration should allocate budget to make classroom conducive for learning, immediately repair and renovate damaged classrooms and students and teachers should be responsible in maintaining the cleanliness towards effective learning among students.

***Keywords:*** classroom quality, educational experience, effective learning, performance, conducive classroom

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Pananaw sa epekto ng kalidad ng silid-aralan sa mga mag-aaral ng kolehiyo ng Cataingan

## 1. Introduksyon

Ang silid-aralan ay isang silid na kung saan ginagamit sa pag-aaral, dito ay natututo ang mga bata o kahit matatanda. Bawat mag-aaral ay ginugugol ang kanilang oras at panahon sa loob ng silid-aralan. Ang lugar na kung saan nagkakaroon ng mga kasanayan sa pag-aaral at paghubog ng kakayahan upang makamit ang kanilang layunin para narin sa lipunan. Ito ay ginagamit bilang instrumento na makakatulong sa mga estudyante na maging komportable habang natututo, gumagawa ng mga gawain at pati na rin ang pagkakaroon ng bagong kaibigan. Ayon sa sinabi ni Igaya et.al (2011), mahalaga ang silid-aralan sa mga mag-aaral, dito sila pumapasok araw-araw upang maupo, makinig, magsulat, matuto at makihalubilo sa kapwa mag-aaral. Ang ayos ng silid-aralan ay maaaring maaapektuhan ang pag-uugali ng estudyante tungo sa kanilang pag-aaral. Ang estudyante ay nangangailangan ng organisado, nagpapasigla at komportableng kapaligiran upang maging epektibo ang kanilang pagkatuto.

Ang kawalan ng maayos na silid-aralan ay isa sa mga pangunahing suliranin na kinaharap ng mga mag-aaral partikular na sa pambayang Kolehiyo ng Cataingan bagama't may mga silid-aralan ngunit hindi ito maituturing na conducive upang matamo ng mag-aaral ang karunungang dapat ay kaniyang makuha. Walang tamang pasilidad ang karamihang silid na magbibigay sana sa kanila ng isang maginhawang paligid upang ganahang mag-aral. Nariyan din ang kawalan ng proper ventilation, kawalan ng maayos na dingding o maging mga upuan. Malaking hadlang o hamon para sa mga mag-aaral ang ganitong sitwasyon ng silid-aralan na kung saan may malaking epekto sa kanilang pagkatuto o pag-aaral sa araw-araw. Ang isang paaralan ay nangangailangan ng kompletong pasilidad at kagamitan upang makapag-aral ng maayos ang mga estudyante tulad ng kompletong libro para sa silid-aklatan, kompletong kagamitan sa loob ng silid-aralan tulad ng mga upuan o armchair, pisara at iba pa na kailangan ng mga mag-aaral at guro. Kailangan din ng paaralan ng maayos na palikuran at kompletong kagamitan para dito, upang mapabuti at mas ganahang mag-aral ang mga estudyante.

Ayon kay Igaya et. al (2011), ikinalulugod ng mga mag-aaral ang transpormasiyon ng mga silid-aralan at iba pang pasilidad na binago ng modernisasyon mula sa isang kartong paaralan noong 1600s hanggang sa isang kompleks na istruktura ng isang paaralan ngayon mas nagiging komportable ang mga mag-aaral kung mayroong bago sa kanilang paligid kagaya na lamang ng pagpapatayo o pagpapaayos ng mga lumang silid-aralan. Ayon sa pag-aaral ni McGowen (2007), nakakaapekto ang pisikal na silid-aralan o pasilidad sa pagganap ng pangkalahatang gawain hindi lamang sa mga mag-aaral pati na rin ang mga guro, na maaari ring magresulta ng aksidente. Kaya malaking epekto sa mga mag-aaral ang mababang kalidad ng silid-aralan lalong-lalo na sa pang-araw-araw na kasanayan sa pagkatuto. Ito ay nagsisilbing mga hadlang o hamon na kanilang kinaharap sa pag-aaral. Kinakailangang gawing kaaya-aya o maayos ang isang silid na naglalayon ng positibong kapaligiran sa pag-aaral ng sa gayon ay mahikayat o ganahang pumasok ang mga estudyante na mag-aral. Napakahalaga para sa isang paaralan ang pagkakaroon ng de-kalidad na silid-aralan at kagamitan. Sapagkat kung wala ang mga bagay na ito hindi magagawa at mapag-aralan ng mga mag-aaral ng mabuti ang kanilang leksiyon. Kinakailangan nating malaman kung paano nakakaapekto ang silid-aralan sa paglago ng kaalaman at kung paano mailalapat ng mga estudyante ang kanilang natutunan sa kanilang sarili.

Ayon kay Ferrer et.al (2019), Ang silid-aralan ay isa sa maituturing nating mahalagang lugar na paglalagakan ng napakahalagang pamana na kahit kailan ay hindi mananakaw sa atin bagkus magiging daan upang maibahagi natin sa ibang tao. Ang lugar kung saan nagsisimulang mabuo ang pananaw ng isang mag-aaral tungkol sa tatahaking landas tungo sa kinabukasan at sa magiging kahinatnan sa hinaharap (O'Neill et.al 2001). Isang malaking hamon para sa isang guro na makabuo ng napakaayaayang kapaligirang pansilid-aralan na siyang magiging tahanan ng bawat mag-aaral sa pang-araw-araw na pakikibaka sa pagbuo ng mga pangarap ng bawat

mag-aaral. Mahalagang mabigyang pansin ang isyung ito upang mabawasan ang mga negatibong epektong naidudulot nito sa mga estudyante. Ito ay naglalayon upang malaman ang kahalagahan ng pagkakaroon ng de-kalidad na silid-aralan at kung ano ang epekto nito sa mga mag-aaral ng pambayang kolehiyo ng Cataingan. Layunin din nito na magbigay ng mga estratehiya na dapat gawin upang matugunan ang isyung ito.

***Paglalahad Ng Suliranin -*** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagtuklas ng pananaw sa epekto ng kalidad ng silid-aralan sa mga mag-aaral ng Kolehiyo ng Cataingan. Layunin ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang mga hadlang o hamon na iyong kinakaharap sa iyong pag-aaral na may kaugnayan sa kalidad ng silid-aralan?s
- Nakakaapekto nga ba ang kalidad ng silid-aralan sa kalidad ng edukasyon?
- Ano ang iyong pananaw sa kalidad ng silid-aralan dito sa ating paaralan?
- Ano ang mga estratehiya na iyong ginagawa upang matugunan ang kalidad ng silid-aralan?


## 2. Teoritikal at konseptwal na balangkas

### *2.1 Teoritikal na balangkas*

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa pananaw sa epekto ng kalidad ng silid-aralan sa mga mag-aaral ng kolehiyo ng cataingan na isa sa mga hamon na kanilang kinakaharap. Ito ay nakabatay sa teorya ni **William glasser**, ang silid-aralan ay dapat maging isang kasiya-siyang lugar para sa mga mag-aaral. Ang gawa ay sumasalamin na nakakaapekto ito sa pagkakatuto ng mga mag-aaral sa ibat-ibang paraan. Ginamit ito sa mga paaralan sa buong mundo at binago ang paraan ng paghahatid ng mga guro. Una kinilala ni Glasser ang mga guro bilang tagapamahala na kailangang gumana ng epektibo kung nais nilang maging matagumpay ang pagtuturo para sa mga mag-aaral. Ang tungkulin ng mga guro bilang tagapamahala na kailangang gabayan ng mga guro ang mga mag-aaral sa pag-unawa, pagsisikap at magkaroon ng positibong impluwensiya sa kanilang buhay. Makamit ito ng mga guro sa pagbuo ng positibong ugnayan sa mga mag-aaral at paglikha ng aktibo, may katuturang karanasan na magbibigay daan para sa mga mag-aaral ng kasanayan at tagumpay.

### *2.2 Balangkas Konseptwal*

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay malaman ang pananaw ng mga mg-aaral sa epekto ng kalidad ng silid-aralan sa kanilang pag-aaral o pagkakatuto. Upang makakalap ng mga impormasiyon ay ginamitan ito ng input, proseso at awtput.



## 3. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay ginawa upang makakalap ng mga impormasyon tungkol sa pananaw sa epekto ng kalidad ng silid-aralan sa mga mag-aaral ng Kolehiyo ng Cataingan. Sa bahaging ito ay naglalayon na maipaliwanag at mailahad ang disenyo ng pag-aaral, instrumentong gagamitin at pamamaraan sa pangangalap ng datos maging ang lugar at bilang ng mga kalahok sa pag-aaral na ito upang mabigyang katuparan ang layunin ng pag-aaral.

***Disenyo ng Pag-aaral -*** Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik. Ito ay angkop sa pag-aaral dahil tumutukoy ito sa present na kondisyon na kinakaharap ng mga estudyante sa araw-araw mahalaga ito sa pag-aaral upang masuri ang damdamin, kaisipan at pananaw ng mag-aaral sa epekto ng kalidad ng silid-aralan sa kanilang pag-aaral o pagkatuto. Upang makita at maunawaan ang paraan kung saan at paano kumilos ang mga mag-aaral upang maimpluwensiyahan ang pagbabago ng sitwasyon na kanilang kinakaharap o tuklasin ang isang problema sa pamamagitan lamang ng pagkolekta, pagsusuri at pagbibigay kahulugan sa data. Nangongolekta ito ng hindi numerical na data o mga dahilan sa likod ng isang partikular na pag-uugali at nakatuon lamang ito sa pagsusuri, paglilinaw, at pag-unawa sa mga pag-uugali o saloobin ng mga kalahok upang makabuo ng isang ideya na nagbibigay daan sa mas malalim na pag-unawa sa karanasang phenomenon at konteksto.

***Kalahok ng Pag-aaral -*** Ang pagpili ng mga kalahok sa kwalitatibong pananaliksik ay isang mahalagang aspekto ng pag-aaral. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral lamang ng Kolehiyo ng Cataingan, at walang kinikilalang pagkakaiba sa baitang, edad, o kasarian. Bilang isang kwalitatibong pag-aaral, ayon kay Maxwell (2008), hindi dapat lumampas sa bilang na 20 na respondente. Kaya't limitado lamang ito sa dalawampung (20) respondente na maaaring sumagot sa mga ipinamahaging mga katanungan. Sila ang mga napiling mag-aaral dahil sila ang direkta na nakakaranas ng ganitong problema sa araw-araw, at sila ang makakapagbigay ng mga makabuluhang kasagutan na magagamit sa pag-aaral. Ito ay upang masigurong magiging malalim at detalyado ang pag-aaral na isasagawa. Sa pagpili ng mga kalahok, ang proseso ay dapat maging malinaw at sistematiko. Ang mga kalahok ay pinipili batay sa kanilang kakayahan na magbigay ng impormasyon at pag-unawa sa mga katanungan ng pananaliksik. Karaniwan, ang mga kalahok na direktang nakakaranas ng mga paksang tinatalakay sa pananaliksik ang napipili. Ang pagpili ay maaaring batay sa mga kwalipikasyon o katangian na may kaugnayan sa pag-aaral. Mahalagang maipaliwanag at maipakita ang proseso ng pagpili sa pag-aaral, upang mapatunayan ang katapatan at kapani-paniwala ng pagpili ng mga kalahok. Ang malinaw at maayos na proseso ng pagpili ng mga kalahok ay nagpapataas ng kredibilidad at tagumpay ng pananaliksik. Sa kabuuan ng pag-aaral na ito, ang pagpili ng mga kalahok sa kwalitatibong pananaliksik ay isang kritikal na bahagi ng pag-aaral. Dapat itong isagawa nang maingat at maayos, upang makuha ang mga kinakailangang impormasyon at pag-unawa na magiging pundasyon ng pananaliksik.

***Lugar ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Pambayang Kolehiyo ng Cataingan, na matatagpuan sa bayan ng Cataingan, Masbate na mayroong higit kumulang 4000 na mag-aaral. Ito ay pinapatakbo ng lokal na Pamahalaan ng Cataingan, isang pangalawang klase ng munisipalidad, na nag-aalok ng abot-kayang matrikula. Ang kolehiyong ito ay nagbibigay ng edukasyon sa mga mag-aaral mula sa kalapit na mga munisipyo tulad ng Uson, Dimasalang, Corpus, Esperanza, Placer, at Pio V. Corpuz. Nagsilbi itong pangunahing lugar para sa pamamahagi ng mga questionnaire at pangangalap ng impormasyon at datos. Ang kolehiyo, na sakop ng ika-tatlong distrito ng probinsya ng Masbate, ay kilala bilang sentro ng edukasyon sa rehiyon, na may mga mahuhusay na guro na nagmumula dito. Kahit na mababa ang kalidad ng mga silid-aralan, ang mga guro sa Pambayang Kolehiyo ng Cataingan ay patuloy na nagbibigay ng de-kalidad na edukasyon, na nagreresulta sa mataas na bilang ng mga pumasa sa Licensure Examination for Teachers (LET). Ito rin ang dahilan kung bakit maraming estudyante ang nag-aaral dito, sa kabila ng malayong distansya at mababang matrikula. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa dito dahil ang mga estudyante ng Pambayang Kolehiyo ng Cataingan ang direktang nakakaranas ng mga sitwasyon o problema na tinatalakay sa pag-aaral. Ang kanilang mga karanasan at pananaw ay mahalaga sa pag-unawa at pagresolba sa mga ito. Sa kabila ng mga hamon, ang

Pambayang Kolehiyo ng Cataingan ay patuloy na nagsisilbing inspirasyon at gabay sa kanilang mga mag-aaral sa kanilang paglalakbay patungo sa tagumpay.

***Instrumento ng Pag-aaral -*** Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito ay ang paggawa ng interbyu questionnaire na binubuo ng siyam (9) na katanungan na ipinamahagi sa dalawampung (20) mag-aaral ng Kolehiyo ng Cataingan. Ang mga katanungan ay sinuri ng guro sa pananaliksik upang makatiyak na ang mga ito ay may kaugnayan sa paksang tinalakay. Sasagutin ng mga respondente ang bawat tanong sa pamamagitan ng pagbahagi ng kanilang mga kaisipan o pananaw tungkol sa epekto ng kalidad ng silid-aralan sa kanilang pag-aaral. Gumamit ang mga mananaliksik ng cellphone recorder para sa pangongolekta ng mga impormasyon, dalawampung (20) piling mga mag-aaral lamang ang sumagot sa mga katanungan, gumamit din ng deskriptibong analisis ang mga mananaliksik upang makonsider at mailarawan ang mga pananaw ng mga mag-aaral ito ay mabisa at angkop sa pag-aaral upang mas makakalap ng mga impormasiyon o datos na gagamitin at lubos na maunawaan o maging epektibo ang pananaliksik.

***Paraan at Pangangalap at Pagsusuri ng Datos -*** Ang pamamaraan na isinagawa sa pangangalap ng impormasyon ay nagsimula sa paggawa ng talatanungan at upang maiwasto ang kaangkupan o kaayusan ng mga tanong ay ipinasa at ipinasuri ito sa guro ng pananaliksik pagkatapos itong maiwasto ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa dekano ng paaralan upang maisagawa ang pananaliksik at maipamahagi ang mga katanungan sa mga mag-aaral upang makakolekta ng mga impormasyon na gagamitin sa pag-aaral. Pagkatapos ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng kunting oryentasyon tungkol sa paksa ng pag-aaral upang makasiguro at makapagpahayag ng maayos ang mga mag-aaral sa bawat katanungan. Ipinamahagi at ipinasagutan sa mga mag-aaral ang mga katanungan pagkatapos ay kinolekta ang mga questionnaire. Sinuri, inalisa at ibinuod ng mga mananaliksik ang bawat kasagutan o nakalap na impormasyon sa mga mag-aaral upang makabuo ng tema. Upang madaling maintindihan ang pagtataya, ginamitan ito ng convenient sampling para marepresenta ng maayos ang mga datos. Ang pananaw sa epekto ng kalidad ng silid-aralan sa mga mag-aaral ng Kolehiyo ng Cataingan ay ipinaliwanag batay sa mga nakalap na impormasyon.

## 4. Resulta at diskusyon

Makikita sa bahaging ito ang representasyon ng mga nakalap na datos o impormasyon mula sa mga mag-aaral ng Kolehiyo ng Cataingan tungkol sa pananaw sa epekto sa kalidad ng silid-aralan sa mga mag-aaral.

### *4.1 Ang mga hadlang o hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng Cataingan.*

**Tema 1:** Ang mga hamon na kanilang kinakaharap ay ang hindi maayos na silid-aralan, kakulangan ng mga upuan, walang maayos na dingding, butas ang bubong na kung saan tumutulo o bumabaha ang loob ng silid lalo na kapag umulan, hindi sila nagiging komportable sa kanilang pag-aaral dahil sa mga distraksiyon. Batay sa mga natuklasan sa pangangalap ng datos, malinaw na ang kakulangan ng upuan ay isang malaking hadlang para sa mga mag-aaral. Dahil sa sira o kakulangan ng armchair, nahihirapan silang magsulat at hindi nagiging komportable, lalo na kapag mainit ang panahon. Ang mga ingay mula sa labas ng silid-aralan ay nagiging sanhi ng distraksiyon at nagdudulot ng pagkawala ng pokus sa pag-aaral. Sa tuwing umuulan, nagiging dahilan ito ng pansamantalang pagtigil sa klase o diskusyon dahil sa pagtulo o pagbaha sa loob ng silid.

Ngunit sa kabila ng ganitong sitwasyon, patuloy pa rin ang determinasyon ng mga estudyante na pumasok at mag-aral. Nais nilang matuto at pursigido silang mag-aral, kahit na may mga hamon sa kanilang kapaligiran sa pag-aaral. Ayon kay Aban et.al (2018), ang paaralan ay isang institusyon na naglalayong magbigay ng karagdagang kaalaman sa bawat estudyante. Ito ay itinuturing na pangalawang tahanan. Bagamat sinasabi na walang hadlang para sa sinumang gustong makapag-aral o matuto, malaking hamon pa rin para sa mga mag-aaral ang malaking epekto ng kakulangan ng upuan o di-maayos na kalidad ng silid-aralan. Ito ay isa sa mga problemang kinaharap ng mga mag-aaral (Williams, 2022).

Ang mga natuklasan na ito ay may malalim na implikasyon sa mga mag-aaral at sa kanilang pag-aaral. Ang

mga hamong ito sa kapaligiran ng paaralan ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa pag-unlad ng mga mag-aaral at maaaring makaapekto sa kanilang tagumpay sa pag-aaral. Dahil dito, mahalagang bigyang-pansin ang mga isyung ito at maghanap ng mga solusyon upang matugunan ang mga hamon na ito. Ang pagkakaroon ng sapat na upuan at maayos na kalidad ng silid-aralan ay mahalaga para sa komportableng karanasan sa pag-aaral at para sa pagpapalakas ng konsentrasyon at pagiging produktibo ng mga mag-aaral.

Sa pangkalahatan, ang mga natuklasan na ito ay nagpapakita ng mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa kanilang kapaligiran sa pag-aaral. Ang mga ito ay nagbibigay ng kahalagahan sa pagpapabuti ng pasilidad ng paaralan at pagbibigay ng magandang karanasan sa pag-aaral. Ang mga natuklasan na ito ay dapat maging batayan para sa mga pagbabago at solusyon upang matugunan ang mga hamong ito at masigurong ang mga mag-aaral ay magkaroon ng magandang karanasan sa kanilang pag-aaral.

*4.2 Nakakaapekto nga ba ang kalidad ng silid-aralan sa kalidad ng edukasyon.*

**Tema 1:** Ilan sa mga mag-aaral ang sumagot ng oo nakakaapekto ito, ayon sa kanila kapag maayos ang kalidad ng silid-aralan ay nagiging komportable sila sa pagsagawa ng mga gawain o aktibidad, nakakapokus at nagiging maayos ang sitwasyon ng kanilang pag-aaral.

Batay sa pananaliksik, isa rin sa mga dahilan ng mababang kalidad ng edukasyon ay ang kakulangan ng mga kagamitan sa loob ng silid-aralan o mababang kalidad ng silid. Dahil dito, naaapektuhan ang pagkakatuto ng mga estudyante dahil sa mga distraksyon at mga hadlang na kanilang kinakaharap araw-araw. Ito ay nagdudulot ng hindi komportableng kondisyon sa pag-aaral at hindi nila nakakamit ang kanilang buong potensyal dahil sa kakulangan ng mga kagamitan at pasilidad. Bukod dito, nagiging hindi pantay ang oportunidad sa edukasyon para sa mga mag-aaral. Ayon sa The Freeman (2017), maraming Pilipinong mag-aaral at kaunti ang mga silid-aralan na available para sa kanila. Ang problema ng overcrowding sa mga paaralan ay nagdudulot ng hindi sapat na pagtuturo. Minsan, hindi rin napapansin ng gobyerno ang pangangailangan ng tulong pinansiyal ng mga hirap na paaralan, kaya mababa ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas.

Ang mga natuklasan na ito ay may mga praktikal na implikasyon na maaaring makatulong sa mga mag-aaral at mga guro. Una, mahalagang bigyan ng pansin ang pagkakaroon ng sapat at maayos na kagamitan sa loob ng silid-aralan. Ang mga mag-aaral ay mas magiging produktibo at makakapag-focus sa kanilang pag-aaral kung may sapat silang mga kagamitan tulad ng mga upuan, mga lamesa, at iba pang kagamitan na makakatulong sa kanilang pagkatuto. Ang mga guro naman ay maaaring gamitin ang mga kagamitang ito upang mapalakas ang kanilang pamamahala at pagtuturo sa mga mag-aaral. Pangalawa, mahalagang bigyan ng pansin ang kalidad ng silid-aralan. Ang mga mag-aaral ay magiging mas komportable at mas magkakaroon ng magandang karanasan sa pag-aaral kung ang kanilang mga silid-aralan ay may maayos na kondisyon tulad ng maayos na dingding, bubong na hindi tumutulo o bumabaha, at iba pang pasilidad na makakatulong sa kanilang pag-aaral. Ang mga guro naman ay maaaring magkaroon ng mas magandang kapaligiran para sa pagtuturo at pamamahala sa pamamagitan ng pagkakaroon ng maayos na silid-aralan. Panghuli, mahalagang bigyang-pansin ng gobyerno ang mga hamong kinakaharap ng mga paaralan at ang pangangailangan ng tulong pinansiyal. Dapat itaguyod ang pagbibigay ng sapat na suporta at pondo para sa mga paaralan na nangangailangan nito. Sa pamamagitan ng pagtugon sa mga pangangailangan ng mga paaralan, maaaring mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas at masigurong pantay at maganda ang oportunidad sa edukasyon para sa lahat ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasan na ito ay nagpapakita ng mga hamon at problema sa kalidad ng edukasyon sa Pilipinas. Ngunit mayroon ding mga solusyon at mga hakbang na maaaring gawin upang matugunan ang mga ito. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sapat at maayos na kagamitan, pagpapahalaga sa kalidad ng silid-aralan, at suporta mula sa gobyerno, maaaring mapabuti ang kalidad ng edukasyon at magkaroon ng mas magandang oportunidad sa pag-aaral para sa mga mag-aaral at mga guro.

**Tema 2:** Ilan din sa mga mag-aaral ang sumagot ng hindi nakakaapekto ang kalidad ng silid-aralan sa kalidad ng edukasyon dahil naniniwala sila na kahit mababa o hindi man maayos ang isang silid-aralan kung

pursigido ka naman na mag-aral o epektibo naman ang pagtuturo ng mga guro ay tiyak na marami kang matutunan.

Ang paraan ng paghahawak ng mga guro sa silid-aralan ay isang makabuluhang aspeto sa pagtataguyod ng isang epektibong kapaligiran para sa pag-aaral. Ito ay kumakatawan na ang epektibong kakayahan ng mga guro sa pamamahala at pagtuturo ay nakakaimpluwensya rin sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sinasabi man na hindi nakabase sa kalidad ng silid-aralan ang pagkatuto kundi ito rin ay nagsimula sa iyong sarili sa pamamagitan ng pagsisikap o pagpupursige ano mang hamon o hadlang ang iyong kinakaharap ay maaaring magawan ng paraan kung ikaw ay isang responsableng mag-aaral. Hindi lamang nakasalalay sa kalidad ng silid-aralan ang tagumpay sa pag-aaral. Mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral na ang kanilang sariling pagsisikap at pagpupursige ang magiging susi sa kanilang tagumpay. Kahit na may mga hamon o hadlang sa paligid, ang responsableng pag-aaral at pagsisikap ay maaaring magdulot ng positibong resulta. Ang pagiging aktibo sa pag-aaral, ang pagtatanong sa mga guro, at ang paggamit ng mga resources na available ay mga hakbang na maaaring gawin ng mga mag-aaral upang malampasan ang mga hamon at hadlang. Sa huli, ang pagkakaroon ng epektibong kapaligiran sa pag-aaral ay hindi lamang nakasalalay sa kalidad ng silid-aralan. Ang papel ng mga guro at ang sariling pagsisikap ng mga mag-aaral ay mahalagang bahagi ng pagtataguyod ng isang magandang karanasan sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng maayos na pamamahala at pagtuturo sa silid-aralan, kasama ng determinasyon at pagsisikap ng mga mag-aaral, maaaring magkaroon ng positibong epekto sa pagkatuto at pag-unlad ng mga estudyante.

*4.3 Ang pananaw ng mga mag-aaral sa kalidad ng silid-aralan sa pambayang kolehiyo ng cataingan.*

**Tema 1:** Ang pananaw ng mga mag-aaral ay mababa ang antas ng kalidad ng silid-aralan, hindi maayos ang dingding, may mga butas na bubong, kulang sa upuan, pisara at iba pa.

Batay sa resulta ng pangangalap ng datos, malinaw na mababa ang antas ng kalidad ng silid-aralan sa pamabayang kolehiyo ng Cataingan. Ang mga ibang silid-aralan ay kailangang bigyang-pansin at magkaroon ng mga pagpapabuti. Ayon sa pag-aaral ni Figueroa et.al (2016), ang silid-aralan ay dapat na maging isang kasiya-siyang lugar para sa mga mag-aaral. Ito ay may malaking epekto sa iba't ibang paraan ng pagkakatuto ng mga mag-aaral. Kahit na ganito ang kanilang sitwasyon, patuloy pa rin na nagsumikap at nag-aaral ang mga mag-aaral upang makapagtapos at makamit ang kanilang mga pangarap. Hindi na nila pinapansin ang ganitong sitwasyon, bagkus nagkaroon sila ng disiplina sa sarili na magpursige at subukang gawan ng paraan ang mga hadlang na kanilang kinakaharap para sa kanilang mga pangarap. Ang mga natuklasang ito ay may mga mahahalagang implikasyon para sa mga guro at mga mag-aaral. Una, mahalagang bigyang-pansin ng mga guro ang kalidad ng mga silid-aralan. Ang mga guro ay maaaring magsagawa ng mga hakbang upang mapabuti ang mga silid-aralan, tulad ng paghahanap ng mga mapagkukunan ng pondo o pag-uusap sa mga kinauukulan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga silid-aralan. Ang pagkakaroon ng magandang kalidad ng silid-aralan ay maaaring magkaroon ng positibong epekto sa pag-aaral at pagkatuto ng mga mag-aaral.

*4.4 Ang mga estratehiya na ginawa ng mga mag-aaral upang matugunan ang kalidad ng silid-aralan.*

**Tema 1:** Nagtutulungan ang mga mag-aaral na magbigay o mag-ambag ng kunting halaga upang mapunan ang mga kakulangan sa loob ng silid tulad na lamang ng pisara at elektikfan.

Ang mga mag-aaral na nagbibigay o nag-aambag ng kunting halaga upang mapunan ang mga kakulangan sa silid-aralan ay nagpapakita ng kanilang pagiging proaktibo at responsableng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng kanilang ambag, nagkakaroon sila ng pagkakataon na makapag-ambag sa pagpapabuti ng kanilang kapaligiran sa paaralan. Ito ay isang magandang halimbawa ng pagiging aktibo at hindi umaasa sa iba para sa mga pangangailangan nila. Ang pagtutulungan ng mga mag-aaral sa ganitong paraan ay may malaking praktikal na implikasyon sa mga guro at paaralan. Ito ay nagbibigay ng mensahe sa mga guro na hindi lamang sila ang dapat na nagsisikap na mapunan ang mga kakulangan sa silid-aralan. Ang mga mag-aaral ay may kakayahan at

determinasyon na makapag-ambag sa pagpapabuti ng kanilang kapaligiran. Ito ay isang paalala sa mga guro na maging bukas sa mga ideya at suhestiyon ng mga mag-aaral upang mapabuti ang kalidad ng kanilang silid-aralan. Sa mga mag-aaral naman, ang pagtutulungan na ito ay nagpapakita ng kanilang pagpapahalaga sa kanilang edukasyon at kapaligiran. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng ambag, nagkakaroon sila ng kontrol sa pagpapaganda ng kanilang silid-aralan. Ito ay nagpapalakas ng kanilang sense of ownership at responsibility sa kanilang mga pag-aaral.

**Tema 2:** Maging responsableng o aktibong mag-aaral na makilahok sa mga aktibidad na nakakatulong sa pagpapaganda ng ating silid-aralan.

Sa temang ito malinaw na ipinapakita ng mga guro ang kahalagahan ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga proyekto at aktibidad na naglalayong mapabuti ang kalidad ng kanilang silid-aralan. Sa pangunguna ng mga guro, mahalaga ang pag-udyok sa mga mag-aaral na maging aktibo at proaktibo sa kanilang pag-aaral, at maaring gamitin ang mga insentibo o pagkilala upang palakasin ang kanilang kagustuhan na makilahok. Isa pang aspeto ay ang pagtuturo ng mga guro ng mga halaga tulad ng pagmamahal sa kapwa, pagiging responsableng mamamayan, at ang halaga ng pagtutulong-tulong. Sa ganitong paraan, ang silid-aralan ay nagiging hindi lamang lugar ng pag-aaral, kundi pati na rin ng paghubog ng masigasig at masunurin na kultura. Bukod dito, ang mga guro ay inaasahang maging bukas sa feedback mula sa kanilang mga mag-aaral. Ang ganitong sistema ay nagbibigay daan sa masusing pagsusuri ng mga guro sa kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo at sa mga aspeto ng pag-aaral na kinakailangan ng masusing at masusing pagtuunan.

Sa panig ng mga mag-aaral, ang kanilang papel ay tumutok sa aktibong partisipasyon at proaktibong pag-aaral. Dapat silang maging bukas sa pagsasama-sama sa mga proyekto at aktibidad na naglalayong mapabuti ang kanilang silid-aralan. Ang pakikiisa ng mga mag-aaral ay nagbubukas ng mas malalim na ugnayan sa pagitan ng kanilang mga kapwa mag-aaral at mga guro. Sa pangkalahatan, ang pagsasama ng mga guro at mag-aaral sa layuning ito ay magbubunga ng isang masigla, masinop, at masaya na silid-aralan. Ang bawat isa'y may mahalagang papel na ginagampanan, at ang responsableng pagtutulungan ay nagdadala ng mas malalim na pag-unlad sa edukasyon. Ang pagsusuri na ito ay naglalaman ng mga hakbang na maaaring gawin ng mga guro at mag-aaral upang maging epektibo ang kanilang pakikilahok sa pagpapaganda ng kanilang silid-aralan.

**Tema 3:** Magkaroon ng kasanayan sa sarili na kahit hindi man maayos ang silid-aralan ay huwag paapekto bagkus ay magsumikap at magpursige sa pag-aaral.

Ayon sa resulta ng pananaliksik, nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nagtutulungan upang mapunan ang mga kakulangan sa kanilang silid-aralan. Sa kabila ng mga hamon, ipinakita ng mga mag-aaral ang dedikasyon na magkaruon ng disiplina sa sarili at magsumikap sa kanilang pag-aaral. Ang ganitong pagsusumikap ay nagiging daan upang maging matagumpay sa kanilang mga layunin. Isinasaad din sa pananaliksik ang pag-asa ng mga mag-aaral na mabigyan ng pansin ang isyu ng kawalan ng sapat na badyet para mapanatili ang kaayusan ng kanilang silid-aralan. Umaasa ang mga ito na mabigyan ng tamang pansin at badyet ang mga proyektong pang-renovation o pagpapanatili ng mga silid-aralan, upang mabawasan ang mga negatibong epekto at maiwasan ang aksidente. Ayon sa ulat ng Philstar (2022), binigyang-diin na mahalaga ang papel ng pamahalaan o gobyerno sa paglaan ng sapat na badyet para mapanatili ang kaayusan ng mga silid-aralan. Ito ay hindi lamang isang investment sa imprastruktura, kundi isang investisyon sa kinabukasan ng mga mag-aaral at ng bansa mismo. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na badyet, maaaring maabot ng mga paaralan ang kanilang ganap na potensyal na maging ligtas at maayos na lugar ng pag-aaral para sa mga mag-aaral.

## 5. Konklusyon at rekomendasyon

Batay sa inilahad na mga datos ang mga mananaliksik ay humantong sa mga sumusunod na konklusyon.

- Malinaw na inilahad ng mga mag-aaral na ang mga hamon o hadlang na kanilang nararanasan ay dahil sa kakulangan sa upuan, pisara, sira-sirang dingding, at butas na bubong na nagkakaroon ng malaking

epekto sa konsentrasyon ng kanilang pag-aaral o pagpokus sa klase.

- Marami sa mga mag-aaral ang naniniwalang nakakaapekto ang kalidad ng silid-aralan sa kalidad ng edukasyon sa kadahilanang dito sila pumapasok araw-araw, ang hindi maayos na silid-aralan ay nagiging dahilan na hindi magiging komportable, pagkawala sa pokus sa klase at hindi maayos na pagganap sa mga aktibidad sa loob ng silid-aralan at hindi sila natuto ng maayos samantalang may mga estudyante rin na hindi sang-ayon dito, ayon sa kanila hindi basehan ang kalidad ng silid-aralan dahil kung nais mong matuto gagawa ka ng paraan kahit pa may mga hadlang.
- Iisa lang ang pananaw ng mga mag-aaral sa kalidad ng silid-aralan sa pambayang kolehiyo ng cataingan ay mababa dahil may mga silid na butas ang bubong, kulang ang upuan, at walang maayos na dingding na kung saaan nakakaapekto sa kanilang pag-aaral.
- Gumagawa ng paraan ang mga mag-aaral upang matugunan ang kalidad silid-aralan kagaya lamang pag-aambag ng kunting halaga, pakikilahok sa mga aktibidad na nakakatulong upang mapanatili ang kaayusan ng silid at ang pagkakaroon ng disiplina sa sarili.

*5.1 Rekomendasyon*

Kaugnay sa mga konklusyong nabanggit, inirekomenda ng mga mananaliksik ang sumusunod:

- Kailangan magkaroon ng disiplina sa paggamit ng silid-aralan at mga kagamitan sa loob.
- Sana mabigyang pansin ang hindi maayos na silid na mapaglaanan ng badyet para mapanatili ang kaayusan ng silid-aralan.
- Maging aktibo o responsableng mag-aaral kahit na ano mang mga hadlang o hamon ang kinakaharap.
- Magtulungan ang mga mag-aaral at guro na upang maging mataas ang kalidad ng edukasyon mababa man ang kalidad ng silid-aralan.

*5.2 Acknowledgement*

Ang mga mananaliksik ay taos-puso na nagpasasalamat sa mga taong tumulong, sumuporta, at nagbigay ng oras o kontribusyon upang maging matagumpay ang aming pananaliksik kung hindi dahil sa kanila ay hindi namin maisakatuparan ang aming pag-aaral. Una sa ating Poong Maykapal, sa walang sawang pagmamahal, patuloy na paggabay at pagbibigay biyaya, lakas at sapat na kaalaman sa araw-araw lalong-lalo na sa ating pag-aaral. Pangalawa sa kanilang guro sa pananaliksik na si Ginoong Tomas L. Dungog III, sa pagbigay ng ganitong uri ng aktibidad at pagkakataon na magsagawa ng pag-aaral upang madagdagan at mas mahasa ang kanilang mga kaalaman at maging sa paggabay sa kanila sa mga tamang hakbangin upang maisagawa ng maayos ang pananaliksik na ito. Pangatlo sa kanilang tagapaggabay o taga-suri ng aming pananaliksik na si Dr. Marnel M. Bullo, sa paglaan ng oras upang basahin suriin ang kanilang naisagawang pananaliksik at pagbibigay komento upang maitama ito ng husto, sa pagtitiwala at suporta na makayanang gawin ang ganitong pag-aaral. Pang- apat sa kanilang College Administrator or Dean of Education na si Dr. Richard C. Ching sa pagbigay pahintulot upang maisagawa ang kanilang pananaliksik dito sa loob ng paaralan lalong-lalong na sa pangangalap ng mga impormasyon o datos na gagamitin sa pag-aaral. Panglima sa kanilang mga magulang, sa bukas-palad na suporta, walang sawang pag-intindi at pagtulong lalong-lalo na pagdating sa pinansiyal o gastusin sa pag-aaral. Panghuli sa kanilang mga respondente, na naglaan ng kanilang oras at nagbahagi ng kanilang mga kaisipan o pananaw tungkol sa paksa ng kanilang pag-aaral upang makabuo ng mga datos at mapunan ang kanilang mga pangangailangan sa pananaliksik na ito.

### 6. Sanggunian

Aban, A. M., Dongdong, S. M. M., Bocboc, J. S., Fabela, M. M., Caroro, J. M. G., Fernandez, R. F. N., Cortez, A. J., & Placer, K. A. (2018, Marso 10). Kakulangan sa pasilidad, kagamitan sa paaralan at epekto nito sa mag - aaral. Kinuha noong Disyembre 10, 2023, mula sa https://www.coursehero.com/file/32952399/KAKULANGAN-SA-PASILIDAD2docx/

Dela Cruz, A. (2017, Marso 27). Epekto ng kakulangan ng gamit sa SHS. Kinuha noong Enero 5, 2024, mula sa https://angelaydelacruz.blogspot.com/2017/03/epekto-ng-kakulangan-ng-gamit-sa-shs.html

Ferrer, J. B. C. P. (2019). Juan sa Silid-Aralan: Pag-uugaling “Bahala na” at Pagpapasya ng mga Mag-Aaral ng Calamba City Senior High School. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3(2O).

Figueroa, L. L., Lim, S., & Lee, J. (2016). Investigating the relationship between school facilities and academic achievements through geographically weighted regression. Annals of GIS, 22(4), 273-285.

Igaya, M. N., Junio, P. A., Cruz, J. G., Dulalia, E., & Fabian, M. (2011, Marso 15). Kakulangan sa pasilidad, kagamitan sa paaralan at epekto nito sa mga mag-aaral ng pambansang mataas na paaralang Angat. Kinuha noong Enero, 2024, mula sa https://dokumen.tips/documents/49459852-kakulangan-sa-pasilidad-kagamitan-sa-paaralan-at-epekto.html?page=1

Maxwell, J. A. (2008). Designing a qualitative study (Vol. 2, pp. 214-253). The SAGE handbook of applied social research methods.

McGowen, R. S. (2007). The impact of school facilities on student achievement, attendance, behavior, completion rate and teacher turnover rate in selected Texas high schools. Texas A&M University.

O'Neill, D. J., & Oates, A. D. (2001). The impact of school facilities on student achievement, behavior, attendance, and teacher turnover rate in Central Texas middle schools. Educational Facility Planner, 36(3), 14-22. https://doi.org/10.1080/19475683.2016.1231717

Philstar. (2022, Hunyo 4). Editoryal - Iangat ang kalidad ng edukasyon. Pang-masa. Kinuha noong Enero 5, 2014, mula sa https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2022/06/04/2185924/editoryal-iangat-ang-kalidad-ng-edukasyon

The Freeman. (2017, Mayo 15). Classrooms shortage still a problem. Kinuha noong Disyembre 20, 2023, mula sa https://www.philstar.com/the-freeman/cebu-news/2017/05/15/1700464/classrooms-shortage-still-problem

Williams, C. (2022, Mayo 11). Unlocking the 10 Benefits of Classroom Management. LiveSchool. Kinuha noong Enero 5, 2024, mula sa https://www.whyliveschool.com/blog/why-is-classroom-management-important